Filipino

# Buod ng Panghuling Ulat ng Progreso 2017–2021

Pambansang Istratehiya sa Kapansanan
2010–2020

# COPYRIGHT

This document, the *Final Progress Report 2017–2021 Summary National Disability Strategy 2010–2020: Filipino,* is licensed under the Creative Commons Attribution 4.0 International License, with the exception of:

- The Commonwealth Coat of Arms
- The Department of Social Services logo
- Any third-party material
- Any images and/or photographs.

More information on this CC By licence is set out at the Creative Commons website: https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode

## Attribution

Use of all or part of this document must include the following attribution:
© Commonwealth of Australia (Department of Social Services) 2022

ISBN: 978-1-920851-21-7

Notice:

1. If you create a derivative of this document, the Department of Social Services requests the following notice be placed on your derivative: Based on Commonwealth of Australia (Department of Social Services) data.
2. Enquiries regarding this licence or any other use of this document are welcome. Please contact: Branch Manager, Communication Services Branch, Department of Social Services. Phone: 1300 653 227. Email: communications@dss.gov.au

Notice identifying other material or rights in this publication:

1. Australian Commonwealth Coat of Arms — not Licensed under Creative Commons, see https://www.pmc.gov.au/government/commonwealth-coat-arms
2. Certain images and photographs (as marked) — not licensed under Creative Commons

All website links provided in this document are correct at time of publication.

# MGA NILALAMAN

Panimula 3
Pamahalaang Australya 4
Mga Pamahalaang Estado at Teritoryo 7
Mga Lokal na Pamahalaan 15
Mga pinagkunan ng mga datos at pakikipag-ugnayan sa komunidad 17
Pagtingin sa Hinaharap 18

# PANIMULA

Ang dokumentong ito ay buod ng *Final Progress Report 2017–2021 (Panghuling Ulat ng Progreso 2017–2021)* sa ilalim ng *National Disability Strategy 2010–2020 (Pambansang Istratehiya sa Kapansanan 2010–2020)* (ang Istratehiya). Tinatapos ng Final Progress Report ang paglalakbay sa ilalim ng Istratehiya, na gumawa ng pangunang gawain para sa lahat ng mga antas ng pamahalaan para magtulungan upang mapabuti ang buhay ng mga taong may kapansanan. Inilunsad ng Pamahalaang Australya ang *Australia's Disability Strategy 2021–2031 (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021–2031)* noong ika-3 ng Disyembre 2021 upang palitan ang *National Disability Strategy 2010–2020*.

Ang Istratehiya ay nagtakda ng 6 na mga kalalabasan para sa lahat ng mga pamahalaan, at komunidad sa Australya na magtulungan tungo sa pagpapabuti ng mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan.

## Kalalabasan 1: Mga komunidad na inklusibo at maa-access

## Kalalabasan 2: Proteksyon ng mga karapatan, katarungan at batas

## Kalalabasan 3: Seguridad ng ekonomiya

## Kalalabasan 4: Suportang personal at pangkomunidad

## Kalalabasan 5: Pag-aaral at mga kasanayan

## Kalalabasan 6: Kalusugan at kagalingan.

Ang Istratehiya ay ipinatupad ng lahat ng mga pamahalaan. Tatlong hiwalay na mga plano sa pagpapatupad ang gumabay sa pagpapatupad, na saklaw ang mga taon na 2011–2014, 2015–2018 at 2019–2020. Ang pagpapatupad ng Istratehiya sa antas ng hurisdiksyon ay itinulak ng mga plano sa kapansanan ng estado at teritoryo. Ang pamamaraang ito ay nagpahintulot sa mga pamahalaang estado at teritoryo na talakayin ang mga pangkapansanang prayoridad na partikular sa kanilang rehiyon. Sa antas ng lokal na pamahalaan, maraming mga council (konseho) ang bumuo ng kanya-kanyang mga plano sa pangkapansanang pag-access at inklusyon.

Pinagsama ng Final Progress Report ang pangatlo at pang-apat na mga ulat ng progreso ng Istratehiya, saklaw ang 2017–18 and 2019–20. Kasali rin dito ang karagdagang buong taon ng 2021, kung saan ang lahat ng antas ng pamahalaan ay nanatiling nakatuon sa Istratehiya habang tinatapos ang Australia's Disability Strategy.

Ang pagpapatupad ng Istratehiya ay magkakasamang responsibilidad ng lahat ng mga pamahalaan. Kung gayon, lahat ng mga antas ng pamahalaan ay umambag sa pagbuo ng ulat. Ipinapakita ng Final Progress Report ang pagsisikap ng lahat ng mga pamahalaan sa paghahatid ng minimithi ng Istratehiya. Ang kabuuang Final Progress Report ay makukuha sa pamamagitan ng Department of Social Services (Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan) ng Pamahalaang Australya.

Nakakita ang Istratehiya ng isang hanay ng mga makakamit upang mas mahusay na masuportahan at maisali ang mga taong may kapansanan. Ang sumusunod ay nagbibigay ng buod ng progreso ng mga pamahalaan sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021. Ang sumusunod ay piling mga halimbawa ng mga nakamit ng mga pamahalaan, na may karagdagang mga halimbawa na ibinigay sa kabuuang Final Progress Report.

# PAMAHALAANG AUSTRALYA

## Kalalabasan 1 — Mga komunidad na inklusibo at maa-access

Simula noong 2018, namuhunan ng $750,000 ang Australia Council for the Arts sa pagtataguyod ng pag-unlad ng mga artist na may kapansanan sa pamamagitan ng Arts and Disability Mentoring Initiative (Inisyatiba ng Pagme-Mentor sa Sining at Kapansanan) at ng National Arts and Disability Awards (Mga Pambansang Gantimpala sa Sining at Kapansanan). Ang Pamahalaang Australya ay nagbigay din ng mahigit $59.4 na milyon sa National Sporting Organisations for People with Disability (Pambansang Pang-Isport na mga Organisasyon para sa mga Taong may Kapansanan) at iba pang mga grupong pangkomunidad upang paramihin ang pagsali sa isport ng mga taong may kapansanan.

Noong Agosto 2019, nagkasundo ang mga ministro ng transportasyon ng Pamahalaang Australya, estado at teritoryo na gawing makabago ang Transport Standards (Mga Pamantayan ng Transportasyon). Noong Setyembre 2021, inilabas ng Pamahalaang Australya ang ikalawang pagrebyu ng Premises Standards (Mga Pamantayan ng mga Gusali). Matutulungan ang mga Pamahalaang Australya, estado at teritoryo upang gumawa ng aksyon batay sa mga natuklasan sa pagrebyu.

Inilunsad noong 2021, ang Disability Gateway ng Pamahalaang Australya ay isang libreng serbisyo sa buong Australya na nakalaang tumulong sa mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya at tagapag-alaga upang makahanap ng mapagkakatiwalaang impormasyon at iugnay sila sa mga serbisyo sa kanilang pook. Binuo ang Disability Gateway matapos makipagkonsultasyon sa mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya at tagapag-alaga at sa sektor ng kapansanan.

## Kalalabasan 2 — Proteksyon ng mga karapatan, katarungan at batas

Nakumpleto ng NDIS Commission (Komisyon ng NDIS) ang pagtatatag ng lahat ng mga tungkulin ng NDIS Commissioner sa buong Australya noong 2020. Kumikilos ang NDIS Commission upang pagtibayin ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kamalayan sa kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunan ng mga kalahok, kabilang ang kampanyang Speak Up (Magsabi ng Inyong Opinyon), payo, impormasyon, at mga pang-edukasyong mapagkukunan. Naghahatid ang NDIS Commission ng pambuong-bansang paraan upang protektahan at pabutihin ang mga karapatan, kalusugan at kagalingan ng mga kalahok sa NDIS alinsunod sa NDIS Quality and Safeguarding Framework (Balangkas ng Kalidad at Pangangalaga ng NDIS) na napagkasunduan ng lahat ng mga pamahalaan sa Australya.

Ang 1800RESPECT ay isang pambansang serbisyo sa pagpapayo, impormasyon at suporta hinggil sa karahasan sa tahanan, pamilya at karahasang sekswal. May mga mapagkukunan ang 1800RESPECT upang suportahan ang mga taong may kapansanan, kabilang ang Sunny mobile app, isang maa-access na service directory, at isang Disability Support Toolkit (Pangsuportang Kagamitan para sa Kapansanan) para sa nasa frontline na mga manggagawa. Noong 2018, isang workshop ng Working with Women with Disabilities (Pakikipagtulungan sa mga Babaing may Kapansanan) at isang akreditadong e-Learning ang idinagdag sa DV-alert na programa ng pagsasanay para sa nasa frontline na mga manggagawa na tumutulong sa mga babaing may kapansanan. Nagbigay din ang Pamahalaang Australya ng $1.5 milyon upang bumuo at maghatid ng mga mapagkukunan tungkol sa pang-aabusong ginagamitan ng teknolohiya para sa mga babaing may kapansanang intelektwal at/o limitasyon sa paggana ng isip o kakayahan at sa frontline na mga manggagawa na sumusuporta sa kanila.

## Kalalabasan 3 — Seguridad ng ekonomiya

Noong Disyembre 2020, inilunsad ng Pamahalaang Australya ang Australian Public Service Disability Employment Strategy 2020–25 (Istratehiya sa Pagtatrabaho ng May Kapansanan sa Serbisyo Sibil ng Australya 2020–25).

Noong ika-1 ng Hulyo 2018, sinimulan ang bagong modelo para sa Disability Employment Services (Mga Serbisyo para sa Pagtatrabaho ng May Kapansanan) upang tulungan ang mga taong may kapansanan na makakuha ng pangmatagalan at bukas na pagtatrabaho sa panlahat na lakas-manggagawa at upang mapabuti ang pleksibilidad ng mga kalahok at pagpili ng mas gusto nilang provider.

Noong 2021, sa pamamagitan ng Women's Leadership and Development Program (Programa ng Pamunuan at Pag-unlad ng Kababaihan), nagbigay ang Pamahalaang Australya ng $820,899 sa Women with Disabilities Australia upang matiyak na maririnig ang mga tinig ng magkakaiba-ibang kababaihan sa proseso ng paggawa ng polisiya. Nangako rin ang programa ng mahigit $3.7 milyon sa mga proyektong sumusuporta sa mga babaing may kapansanan tungo sa mga oportunidad sa pagtatrabaho at pamunuan.

## Kalalabasan 4 — Suportang personal at pangkomunidad

Ang NDIS ang unang pambansang sistema sa Australya para sa mga taong may kapansanan at nagpapakita ng mahalagang pagbabago sa paraan ng pag-access sa mga suporta ng mga Australyanong may malaki at permanenteng kapansanan.

Ang Information, Linkages and Capacity Building program (ILC) (programa ng Impormasyon, mga Ugnayan at Pagbuo ng Kakayahan) ay nagkaloob ng pondo sa mga organisasyon upang maghatid ng mga proyektong pakikinabangan ng lahat ng mga Australyanong may kapansanan, ng kanilang mga tagapag-alaga at pamilya. Mahigit $196 milyon ang iginawad sa pamamagitan ng mga turno sa mga kaloob (grant rounds) na nakatuon sa paglahok sa ekonomiya, lipunan at komunidad at pagbuo ng indibidwal na kapasidad noong 2019-20 at 2020-21.

Nangako ang Pamahalaang Australya ng mahigit $770 milyon sa loob ng 4 na taon upang suportahan ang 2.65 milyong walang bayad na mga tagapag-alaga sa Australya sa pamamagitan ng Carer Gateway – isang libreng suportang serbisyo sa buong Australya na nakalaan para sa tagapag-alaga.

## Kalalabasan 5 — Pag-aaral at mga kasanayan

Noong 2020, ang dating Department of Education, Skills and Employment (Departamento ng Edukasyon, mga Kasanayan at Pagtatrabaho) ay nagkumpleto ng pagrebyu ng Disability Standards for Education 2005 (Mga Pamantayan sa Edukasyon para sa Kapansanan 2005), na ang final Review report (panghuling ulat ng Pagrebyu) ay inilabas noong Marso 2021.

Noong 2021, ang Pamahalaang Australya na katuwang ang SNAICC – National Voice for our Children (Pambansang Tinig para sa ating mga Anak), ay naglunsad ng National Aboriginal and Torres Strait Islander Early Childhood Strategy (Pambansang Istratehiya sa Early Childhood para sa Aborihinal at Torres Strait Islander).

Noong Disyembre 2021, ang Australian Disability Clearinghouse on Education and Training (ADCET), na nasa University of Tasmania (UTAS), ay naglunsad ng e-Learning module *Universal Design for Learning (UDL) in Tertiary Education (Unibersal na Disenyo para sa Pag-aaral sa Edukasyong Pang-Unibersidad)*, sa pamamagitan ang Disability Awareness site nito. Nagbibigay ang Pamahalaang Australya ng mahigit $7 milyong pondo taun-taon sa pamamagitan ng Higher Education Disability Support Program (DSP) (Programang Suporta sa Kapansanan sa Edukasyon sa Unibersidad) sa mga unibersidad upang tumulong sa pagsuporta ng mga estudyanteng may kapansanan upang maka-access, makilahok at magtagumpay sa edukasyon sa unibersidad. Kabilang dito ang taunang pondo sa UTAS na humigit-kumulang $150,000 upang panatilihin doon ang ADCET.

## Kalalabasan 6 — Kalusugan at kagalingan

Itinatag noong 2019, tinitiyak ng Hearing Assessment Program – Early Ears (Programa ng Pagtasa sa Pandinig – Early Ears) na lahat ng maliliit na mga batang First Nations ay may access sa mga libreng pagtasa ng pandinig.

Sa simula ng Abril 2020, itinatag ng Pamahalaang Australya ang Advisory Committee for the Health Emergency Response to Coronavirus (COVID-19) for People with Disability. Kabilang sa mga miyembro ng Komite ang mga taong dumanas ng kapansanan at mga tagapag-alaga, mga kinatawan mula sa sektor ng kapansanan, mga propesyonal ng kalusugan na dalubhasa sa kalusugang pangkapansanan, mga mananaliksik ng kapansanan at kalusugan, at mga kinatawan ng Pamahalaang Australya. Lumahok din sa mga miting ng Komite ang mga kinatawan ng estado at teritoryo.

# MGA PAMAHALAANG ESTADO AT TERITORYO

## New South Wales

Ang Pamahalaang NSW at mga lokal na council sa NSW ay sumusuporta sa pagpapatupad ng Istratehiya sa pamamagitan ng tinarget na mga Disability Inclusion Action Plans (DIAP) (Mga Plano ng Aksyon sa Inklusyon ng may Kapansanan). Inatasan ng *Disability Inclusion Act 2014* (NSW) ang mga ahensya ng estado at lahat ng 128 lokal na council na magtatag at magpanatili ng isang DIAP na magsasaad kung paano nito mapapabuti ang pag-access sa mga serbisyong panlahat at mga suporta para sa mga taong may kapansanan. Ang NSW Disability Inclusion Plan at ang mga DIAP ay makukuha sa online at nasa ilalim ng regular na pagrebyu at pag-uulat.

Kabilang sa mga binibigyang pansin ng Pamahalaang NSW sa ialim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- State Disability Conference upang itaguyod ang inklusyon at pagtatrabaho ng may kapansanan.
- Pagpapabuti ng pag-access ng mga serbisyo sa buong Pamahalaang NSW, kabilang ang transportasyon, mga lugar na laruan, mga pambansang parke at mga sentro ng serbisyo ng Service NSW.
- Pagtatatag ng NSW Ageing and Disability Commission noong 2019.
- Paglalabas ng NSW Youth Justice Disability Action Plan 2021–2024 (Plano ng Aksyon sa Kapansanan ng Pangkabataang Katarungan sa NSW 2021–2024).
- Mga kampanya sa pagtatrabaho ng may kapansanan na 'Don't Dis My Ability' (Huwag Mong Hindi Igagalang ang aking Kakayahan), 'See the Possibilities' (Tingnan ang mga Posibilidad) at 'Employable Me (Maaari akong Kuning Magtrabaho) '.
- Ang pagsuporta ng inklusyon ng may kapansanan sa pamamagitan ng Disability Inclusion and Action Plans 2016–2020 at 2021–2025 ng Departamento ng Edukasyon sa NSW, at ang Disability Strategy (Istratehiya sa Kapansanan) ng departamento.
- Pagpapalawak sa buong estado ng pinagdalubhasaang intelektwal na Disability Health Service.

# Victoria

Absolutely Everyone (Lubusan ang lahat): Ang State Disability Plan 2017–2020 (Absolutely Everyone) ay ang 4 na taong plano ng Victoria upang makamit ang pangarap na isang inklusibong komunidad na sumusuporta sa mga taong may kapansanan upang makapamuhay nang kasiya-siya sa pang-araw-araw na buhay. Dalawang taunang ulat at isang panghuling ulat ang iniharap sa Parlamento ng Victoria na naglalarawan ang progreso sa mga mithiin sa Absolutely Everyone. Naapektuhan ng pandemyang COVID-19 ang paglalathala ng panghuling ulat, na iniharap sa simula ng 2022, na sumaklaw sa huling dalawang taon ng plano.

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahlaang Victoria sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Magkatuwang na pagtutulungan upang maghatid ng maa-access na 27 bagong Changing Places na mga pasilidad na pampublikong banyo.
- Pagpapatatag ng adbokasya sa kapansanan sa pamamagitan ng Victorian disability advocacy futures plan (Plano sa hinaharap ng adbokasya sa kapansanan sa Victoria), kabilang ang mga pagpapabuti sa sektor at pagdagdag sa batayang pondo ng mga ahensya na naghahatid ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Victorian Disability Advocacy Program.
- Pagbuo ng nagsasariling ekonomiya at makabuluhang mga landasin sa karera.
- Pagkilos upang tiyakin na ang mga taga-Victoria na may kapansanan ay makaka-access sa NDIS at sa panlahat na mga serbisyo.
- Pagbuo ng isang inklusibong polisiya sa edukasyon, at $1.6 na bilyong Disability Inclusion package na susuporta sa polisiya.
- Paglunsad ng programang Disability Liaison Officer sa lungsod at panrehiyong mga serbisyo sa kalusugan upang suportahan ang pag-access sa pagsusuri para sa COVID-19, paggamot at pagbabakuna, pati na rin sa iba pang mahahalagang mga serbisyo sa kalusugan.

## Queensland

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang Queensland sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Dumaming pag-access at pagtataguyod sa mga komunidad ng pagsasali (inclusivity), kabilang ang pagsuporta ng pag-access sa transportasyon, pag-access sa panlipunang pabahay at inklusibong sining.
- Paglalaan kada taon ng $2.9 milyon sa pagitan ng 2018 at 2020 upang mapabuti ang paghahatid ng serbisyo sa mga taong may kapansanan na nakikipag-ugnay sa sistema ng mga corrective service.
- Dumaming pagtatrabaho para sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng Back to Work (Pagbalik sa Trabaho) na programa sa pagtatrabaho, at pagbibigay ng mga kasanayan, kwalipikasyon at karanasan sa pamamagitan ng inisyatibang Skilling Queenslanders for Work (Pagbibigay-Kasanayan sa mga taga-Queensland para sa Trabaho) upang suportahan ang mga taong may kapansanan sa pagpasok at pananatili sa lakas-manggagawa.
- Pagsuporta sa pag-transisyon sa NDIS sa pamamagitan ng pagtatatag ng Disability Connect at Outreach Program (Programa ng Pag-ugnay at Programang Pag-abot) upang tulungang um-access sa NDIS ang mahirap-abuting mga taong may kapansanan.
- Pagsuporta sa pag-unlad sa pag-aaral at mga kasanayan sa pamamagitan ng mga programang gaya ng Kindergarten Inclusion Support Scheme (Sistema ng Suporta sa Inklusyon sa Kindergarten) at programang Skills Disability Support (Suporta sa Kasanayan ng may Kapansanan).
- Pagsuporta sa kalusugan at kagalingan ng mga taong may kapansanan, kabilang noong panahon ng pandemyang COVID-19, sa pamamagitan ng mga inisyatibang gaya ng pagtatatag ng Long-Stay Rapid Response (Mabilisang Tugon para sa Namamalagi nang Matagalan) upang pauwiin mula sa mga ospital ang mga pasyenteng may kapansanan na namamalagi doon nang matagalan.

## Western Australia

Noong 2019, nagsagawa ang Pamahalaang Western Australia ng konsultasyon sa buong komunidad upang lumikha ng pananaw para sa isang inklusibong Western Australia para sa mga taong may kapansanan. Mula nang ilunsad ang 'A Western Australia for Everyone': State Disability Strategy 2020–2030 (Isang Western Australya para sa Lahat': Istratehiya ng Estado sa Kapansanan 2020–2030) at ang kasamang Action Plan (Plano ng Aksyon) noong Disyembre 2020, nakumpleto na ang ilang mga aksyon.

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang Western Australia sa ilalim ng Istratethiya noong 2017–2021 ang:

- Pagpapalawak ng network ng Changing Places, sumusuporta sa maa-access na mga pasilidad ng pampublikong banyo.
- Sa pagitan ng 2017 at 2021, namuhunan ng $11.1 milyon sa mga organisasyong nagbibigay ng adbokasya upang itaguyod, protektahan at tiyakin ang mga karapatang pantao ng mga taong may kapansanan sa Western Australia.
- Pagdami ng mga taong may kapansanan na nagtatrabaho sa pampublikong sektor sa pamamagitan ng Workforce Diversification and Inclusion Strategy para sa WA Public Sector Employment 2020–2025 (Istratehiya ng Pagiging Magkakaiba at Inklusyon ng Lakas-Manggagawa sa Pagtatrabaho sa Pampublikong Sektor sa WA 2020–2025).
- Pagsuporta ng transisyon sa NDIS, kabilang ang pag-transisyon sa NDIS ng maraming inisyatibang pinondohan ng estado at namuhunan ng $43.3 milyon sa WA Sector Transition Fund.
- Pagsuporta sa mga landasing pang-edukasyon para sa lahat ng mga estudyante, sa pamamagitan ng mga inisyatibang gaya ng pagsasali ng universal na disenyo sa pagplano sa hinaharap para sa mga bagong paaralan at pag-target ng pondo sa pamamagitan ng Student-Centred Funding Model (Modelo ng Pagpopondo na nakasentro sa Estudyante).
- Pagpapabuti ng mga pangkalusugang kalalabasan para sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng WA Disability Health Framework 2015–2025: improving the healthcare of people with disability (Balangkas ng Pangkapansanang Kalusugan sa WA: Pagpapabuti ng kalusugang pangangalaga ng mga taong may kapansanan).

## South Australia

Naghatid ang South Australia ng ilang pangunahing mga nakamit sa ilalim ng Istratehiya sa pagitan ng 2017 at 2021. Ginawang batas ng South Australia ang *Disability Inclusion Act 2018 (SA)* upang itaguyod ang lubos na pagsasali ng mga taong may kapansanan sa buong estado. Inilabas ng South Australia ang unang plano ng estado sa pagsasali ng may kapansanan, Inclusive SA 2019–2023 (Inklusibong SA 2019–2023), na sumusuporta sa pag-access ng may kapansanan at pagpaplano ng pagsasali at pag-uulat ng mga ahensya ng estado, mga awtoridad ng estado at mga lokal na council (konseho).

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang South Australia sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Pagsuporta sa mga inklusibong komunidad sa buong South Australia, kabilang ang mga lugar na palaruan, pampublikong transportasyon, mga pasilidad para sa isport at libangan.
- Paggawa ng batas upang protektahan ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan at paglikha ng Safeguarding Taskforce (Grupong Nangangalaga) upang suriin at talakayin ang mga puwang sa pangangasiwa at pangangalaga ng mga taong may kapansanan.
- Pagsuporta sa pagtatrabaho ng mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng Capacity Building Placement for people with disability service (Paglalagay sa Trabaho na Bubuo ng Kakayahan para sa mga Taong may Kapansanan) at Disability and Employment Practices Guideline (Patnubay sa mga Gawi sa Kapansanan at Pagtatrabaho).
- Pagdami ng paglahok ng mga batang may kapansanan sa isports at mga pangkulturang aktibidad sa pamamagitan ng pagpapalawak ng programang Sports Voucher at pagbibigay ng karagdagang suporta para sa mga batang may kapansanan upang makilahok sa VACSWIM na programa sa kaligtasan sa tubig.
- Pagsuporta sa mga oportunidad sa pag-aaral para sa mga estudyanteng may kapansanan sa pamamagitan ng mga plano sa pag-aaral para sa indibidwal na estudyante, ang polisiya sa Vocational Education and Training for School Students, at mga oportunidad sa pag-unlad para sa mga nagtuturo.
- Pagsuporta sa pag-unlad at pagsubok sa pagkakaroon ng mga Health Liaison Officer, isang inisyatiba ng NDIA sa mga pampublikong ospital sa South Australia.

# Tasmania

Accessible Island (Maa-access na Isla): ang Tasmania's Disability Framework for Action 2018–2021 (Balangkas para sa Aksyon sa Kapansanan ng Tasmania 2018–2021) (Accessible Island) ay ang plano sa pagpapatupad ng Pamahalaang Tasmania para sa Istratehiya. Gumagabay ang Accessible Island sa gawain ng mga ahensya ng Pamahalaang Tasmania at naglalayong tanggalin ang mga hadlang at matamasa ng mga taong may kapansanan ang kaparehong mga karapatan at oportunidad tulad ng sa iba pang mga taga-Tasmania. Lahat ng mga ahensya ng Pamahalaang Tasmania ay may Disability Action Plan (Plano ng Aksyon sa Kapansanan) at nag-uulat taun-taon tungkol sa pagpapatupad ng Accessible Island sa Premier's Disability Advisory Council (PDAC).

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang Tasmania sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Pagsuporta sa mga inklusibong komunidad sa buong Tasmania, kabilang ang mga parke at mga panlabas na lugar, ang sining, pampublikong transportasyon, at maa-access na mga kaganapan at mga sistema ng impormasyon.
- Pag-update ng mga manwal ng pulisya, mga gawi at pagsasanay upang tumugon nang angkop at may paggalang sa mga taong may kapansanan, at pagbuo ng mga suporta para sa mga taong may kapansanan na nakikipag-ugnay sa sistema ng corrective services.
- Pagsuporta sa pagtatrabaho sa pampublikong sektor ng mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta ng mga ahensyang pampubliko, payo at mga mapagkukunan sa mga kawani ng ahensya at pakikipag-ugnayan sa mga provider ng Disability Employment Service.
- Paglalabas ng mga pangunahing plano, kabilang ang Rethink 2020, ang plano ng estado ng Tasmania sa kalusugang pangkaisipan, at ang Supporting Tasmanian Carers: Tasmanian Carer Action Plan 2021–24 (Pagsuporta sa mga Tagapag-alaga sa Tasmania: Plano ng Aksyon para sa Tagapag-alaga sa Tasmania).
- Pagbuo ng batay sa ebidensya na mga landasin sa VET para sa mga taong may kapansanan at paghirang ng mga Koordineytor sa Pagsasali at Pag-access upang makipagtulungan sa mga paaralan upang matiyak na ang mga estudyanteng may kapansanan ay may patas na pag-access sa mga oportunidad sa pag-aaral.
- Nakipagtulungang mabuti sa sektor ng kapansanan upang magbigay ng maa-access na impormasyon sa COVID-19, suporta sa mga klinika at sa Disability Emergency Operations Centre.

## Australian Capital Territory

Ipinakita ang inklusibo at maa-access na mga komunidad sa pamamagitan ng kasangkot na sentrong imbakan ng kaalaman. Ang website na ito, na inilunsad noong 2019, ay may impormasyong nakatuon sa kapansanan upang suportahan ang isang mas maa-access na komunidad at gagawing madaling ma-access at pampubliko ang impormasyon.

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang Australian Capital Territory sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Pagsuporta sa paggamit ng pinakamababang pamantayan sa pag-access sa pabahay sa pamamagitan ng National Construction Code (Pambansang Koda ng Konstruksyon) noong 2021.
- Pagtalakay ng pag-access sa katarungan para sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng ACT Disability Justice Strategy (Istratehiya ng Katarungan ng may Kapansanan sa ACT).
- Nagpatupad ng mga inisyatiba upang suportahan ang pagtatrabaho ng mga taong may kapansanan sa ACT Public Service (ACTPS) (Serbisyo Sibil ng ACT).
- Namuhunan ng $580.3 milyon sa NDIS sa loob ng 4 na pinansyal na taon, at nagtaguyod para sa, at pagpapabuti ng, mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan na uma-access sa NDIS.
- Paglunsad ng Future of Education Strategy (Istratehiya ng Kinabukasan ng Edukasyon) noong 2018, at pagsuporta sa mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral upang suportahan ang mga nagtuturo na lumilikha ng inklusibong mga lugar ng pag-aaral.
- Pagsuporta sa mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya, tagapag-alaga at sa sektor ng kapansanan sa panahon ng pandemyang COVID-19, sa pamamagitan ng ACT COVID-19 Disability Strategy at COVID-19 – Isang plano ng pagpapalakad sa ACT para sa mga Taong may Kapansanan.

## Northern Territory

Noong 2021, sinimulan ng Northern Territory ang konsultasyon tungkol sa unang 10-taon na Northern Territory Disability Strategy at 3 taon na Action Plan, na magiging mahalaga sa pagpapabuti ng mga kalalabasan sa hinaharap para sa mga taong may kapansanan.

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Pamahalaang Northern Territory sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Pagsuporta sa mga inklusibong komunidad sa buong Northern Territory, kabilang ang mga pambansang parke, pampublikong transportasyon, at mga sistema ng impormasyon.
- Pagpapatuloy sa pagtataguyod ng mga karapatan ng mga gumagamit ng serbisyo at ng kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng inisyatibang Talk Up.
- Paglunsad ng Disability Employment Program noong 2021, at pagsasanay para sa mga pampublikong kawani upang tiyakin na ang Northern Territory ay may lakas-manggagawa na matiwala sa kapansanan.
- Pagtatatag ng Northern Territory Disability Advisory Committee noong 2019, isang lupon na nagpapayo sa Ministro para sa mga Kapansanan tungkol sa mga isyu na umaapekto sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga interaksyon sa mga serbisyo ng pamahalaan.
- Paglalabas at pagpapatupad ng 10-taon na Framework for Inclusion (Balangkas ng Inklusyon) at Action Plan (Plano ng Aksyon) para sa edukasyon.
- Pagsuporta sa mga inisyatiba at programa na naglalayong tukuyin ang mga pagkaantala sa pag-unlad, pagpapabuti ng mga kamalayan ng mga palatandaan ng kapansanang neurodevelopmental, at kalusugan ng pandinig at tainga ng mga bata at kabataan.

# MGA LOKAL NA PAMAHALAAN

Nakipagtulungan ang lokal na pamahalaan sa iba pang mga antas ng pamahalaan sa buong panahon ng Istratehiya upang mapabuti ang mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan sa kanilang mga komunidad. Naghanda ang mga lokal na pamahalaan ng isang hanay ng mga plano bilang tugon sa bukod-tangi at partikular na mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad, kabilang ang mga maistratehiyang mga plano, planong pang-ekonomiya, planong pangkapaligiran, plano ng pagsali sa lipunan, at plano ng pamamahala sa kapahamakan.

Bagama't maraming mga council (konseho) ang may hiwalay na mga planong pangkapansanan, isinali ng iba ang mga pangkapansanang prayoridad sa loob ng ibang mga plano, gaya ng kanilang plano sa kalusugan at kagalingan, o plano ng pagsali sa lipunan. Binuo ang mga planong pangkapansanan sa pakikipagkonsultasyon sa mga taong may kapansanan at kanilang mga tagataguyod, kadalasan ay sa pamamagitan ng partikular na binuong mga Disability Advisory Group. Sa ilang mga estado, ang mga lokal na pamahalaan ay inatasan ng batas na bumuo ng Disability Access and Inclusion Plans (mga planong pangkapansanan) at mag-ulat tungkol sa progreso sa kanilang mga Pamahalaang Estado.

Hinikayat ng Australian Local Government Association (ALGA) ang lahat ng mga lokal na pamahalaan upang bumuo ng mga planong pangkapansanan at isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa kanilang mga proseso ng pagpaplano. Noong 2016, ang ALGA, katuwang ang Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ng Pamahalaang Australya, ay lumikha ng Disability Inclusion Planning – A guide for Local Government (Pagpaplano ng Inklusyon ng may Kapansanan – Gabay para sa Lokal na Pamahalaan) upang tulungan ang lahat ng mga council na magplano at magpatupad ng mga pagpapabuti sa kanilang mga komunidad para sa mga taong may kapansanan at upang itulak ang pagbabago at lumikha ng inklusibong mga komunidad para sa lahat ng tao.

Kabilang sa mga binibigyang-pansin ng Lokal na Pamahalaan sa ilalim ng Istratehiya noong 2017–2021 ang:

- Sa New South Wales, ang mga council ng Penrith City, Hawkesbury Shire at Blue Mountains City ay nagtulungan sa Nepean Jobs For All (Mga Trabaho para sa Lahat sa Nepean), isang pinagsamang proyekto upang hikayatin ang mga negosyo na mag-empleyo ng mga taong may kapansanan.
- Sa Victoria, ang proyektong Inclusive Towns (Inklusibong mga Bayan) ng City of Greater Bendigo ay sinimulan noong 2017 at ngayon ay nag-eempleyo ng 6 na taga-suportang kawani na may karanasan sa kapansanan upang makipagtulungan sa mga nagpapatakbo ng negosyo upang tulungan sila na maunawaan na ang pagsasali ay higit pa sa pagtalakay ng pisikal na pag-access.
- Sa Queensland, bumuo ang Brisbane City Council ng malawak na plano para sa 10-taon, A City for Everyone: Inclusive Brisbane Plan 2019–2029 (Isang Lungsod para sa Lahat: Plano ng Inklusibong Brisbane 2019–2029), na sumusuporta sa lahat ng mga tao anuman ang edad, kakayahan at pinagmulan upang maglakbay, magtrabaho, mamuhay, masiyahan at makipag-ugnayan sa Brisbane.
- Sa Western Australia, inihatid katuwang ang 30 na awtoridad ng Lokal na Pamahalaan at 10 mga partner sa pribadong sektor, ang This Bay Is Someone's Day ay isang bukod-tanging kampanya sa kamalayan ng komunidad upang bawasan ang maling paggamit ng maa-access na mga parking bay.
- Sa South Australia, bumuo ang City of Tea Tree Gully ng Disability Access and Inclusion Plan 2020–2024 (Plano ng Pag-access at Inklusyon ng may Kapansanan 2020–2024) na kasama ng isang reference group ng mga taong may karanasan ng kapanasanan. Ang planong pangkapansanan ay humantong na sa inklusibong disenyo ng 3 sporting club, pag-instala ng 2 Changing Places na kubeta, at pag-audit ng ilang mga pasilidad ng council at mga pinauupahang mga gusali upang matasa ang pagsunod sa universal na disenyo.

- Sa Tasmania, bumuo ang City of Clarence ng isang malawak na Disability Access and Inclusion Plan 2021–2025 (Plano ng Pag-access at Inklusyon ng may Kapansanan 2021–2025).
- Sa Northern Territory, ang Access and Inclusion Plan 2019–22 (Plano ng Pag-access at Inklusyon 2019–22) ng City of Darwin ay dumagdag sa nakaraang gawain na isinagawa sa Community Access Plan 2012–2017. Nagbibigay ito ng balangkas upang ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga taong may kapansanan upang makipag-ugnayan sa Council at ma-access ang lahat ng bahagi ng pagpapalakad ng organisasyon.

# MGA PINAGKUNAN NG MGA DATOS AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD

Dagdag pa sa mga ulat sa progreso ng Istratehiya, ang ibang mga ulat at pagrebyu ay isinagawa at nagpakita ng pagsisikap ng lahat ng antas ng pamahalaan sa pagsuporta sa mga taong may kapansanan. Ang mga dokumentong ito ay nagbigay ng mahalagang pampublikong impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng pamahalaan sa ilalim ng Istratehiya at nakuha ang mga opinyon ng mga taong may kapansanan kung paano sa tingin nila gumagana ang Istratehiya. Kabilang sa mga ito ang:

- Ang ilang mga estado at teritoryo ay nag-ulat ng kanya-kanyang mga planong pangkapansanan
- Ang Senate inquiry report (ulat ng pagsisiyasat ng Senado) sa paghahatid ng mga kalalabasan sa ilalim ng Istratehiya upang bumuo ng inklusibo at maa-access na mga komunidad
- Ang independiyenteng pagrebyu ng Social Policy Research Centre sa pagpapatupad ng Istratehiya
- Ang Productivity Commission Review (Pagrebyu ng Productivity Commission sa National Disability Agreement (Pambansang Kasunduan sa Kapansanan)
- Ang mga pampublikong pagdinig at Interim report (ansamantalang ulat) ng Disability Royal Commission.

## Pag-uulat ng United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities

Paminsan-minsan, nag-uulat ang Australya sa United Nations Committee on the Rights of Persons with Disabilities. Kabilang sa pag-uulat sa Istratehiya sa nakaraang mga taon ang Australian Government Report (Ulat ng Pamahalaang Australya); the Civil Society Shadow Report (ang Ulat ng Civil Society Shadow), Disability Rights Now 2019 (Mga Karapatan ng may Kapansanan Ngayon 2019), na nilikha ng mga kinatawan ng mga organisasyong pangkapansanan; at ang Concluding Observations (Pangwakas na Pagmamasid) ng Komite.

## Mga ulat ng mga datos na pangkapansanan

Sa panahon ng Istratehiya, ang mga datos tungkol sa kapansanan ay inilabas mula sa ilang mga mapagkukunan, kabilang ang:

- Survey ng Kapansanan, Pagtanda at mga Tagapag-alaga ng Australian Bureau of Statistics
- People with Disability in Australya report (U lat sa mga Taong may Kapansanan sa Australya) ng Australian Institute of Health and Welfare
- Census ng Populasyon at Pabahay ng Australian Bureau of Statistics
- Annual reports (mga taunang ulat) ng National Disability Insurance Agency.

## Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Pinopondohan ng Pamahalaang Australya ang mga National Disability Representative Organisation upang magbigay ng payo kung paanong ang mga polisiya at programa ay aapekto sa buhay at karanasan ng mga taong may kapansanan. Ang mga organisasyong ito ay nagbibigay ng mga pananaw ng mga taong may kapansanan na kanilang kinakatawan. Karamihan ng mga aktibidad ng mga pamahalaang estado at teritoryo ay nakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng kanilang mga disability advisory group.

Ang pagbuo ng *Australia's Disability Strategy 2021–2031* ay kinapalooban ng malawakang pakikipag-ugnayan. Mahigit 3,000 taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya, tagapag-alaga at kinatawan ay lumahok sa mga konsultasyon. Ang First Peoples Disability Network Australia ay nagdaos din ng mga workshop na may kasamang mga taong First Nations bilang bahagi ng mga pampublikong konsultasyon. Ang mga ulat tungkol sa mga konsultasyon ay makukuha sa Departmento ng mga Serbisyong Panlipunan ng Pamahalaang Australya.

# PAGTINGIN SA HINAHARAP

Kinikilala ng ulat ang katapusan ng Istratehiya at ipinapakita ang mga pagsisikap ng lahat ng antas ng pamahalaan. Inilunsad noong ika-3 ng Disyembre 2021, ang *Australia's Disability Strategy 2021-2031 (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya)* ang pumalit sa Istratehiya.

Ang pananaw ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ay isang inklusibong lipunan sa Australya na tumitiyak na magagawang makamit ng mga taong may kapansanan ang kanilang potensyal bilang kapatas na miyembro ng komunidad.

Gaya ng sinundan nito, ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ay may Mga Kalalabasang Bahagi (Outcome Areas). Bilang kabuuan, ang 7 Mga Kalalabasang Bahagi ay kumakatawan sa mga bahagi na kailangang mapabuti upang makamit ang pananaw ng bagong istratehiya, ayon sa sinabi ng mga taong may kapansanan. Ang mga saloobin ng komunidad at kaligtasan ay nakita bilang pangunahing mga isyu para sa mga taong may kapansanan at binigyan ng mas malaking pagtuon sa Istratehiya sa Kapansanan ng Australya.

Ang Mga Kaalabasang Bahagi ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ay ang:

- Pagtatrabaho at pinansyal na seguridad
- Inklusibong mga pabahay at komunidad
- Kaligtasan, mga karapatan at katarungan
- Suportang personal at pangkomunidad
- Edukasyon at pag-aaral
- Kalusugan at kagalingan
- Mga saloobin ng komunidad.

Sa paghahatid ng mga Pampolisiyang Prayoridad sa ilalim ng bawat Kalalabasang Bahagi, nakikini-kinita ng mga pamahalaan na magiging mas inklusibo sa mga taong may kapansanan ang lahat ng mga aspeto ng pamumuhay sa Australya.

## Mga dokumentong bumubuo sa Istratehiya sa Kapansanan ng Australya

Kabilang sa mga dokumentong bumubuo at sumusuporta sa paghahatid ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ang:

- Outcomes Framework (Balangkas ng mga Kalalabasan) – susukat, susubaybay at mag-uulat ng mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan sa buong Pampolisiyang prayoridad sa ilalim ng Mga Kalalabasang Bahagi.
- Engagement Plan (Plano ng Pakikipag-ugnayan) – naglalarawan kung paano isasangkot ang mga taong may kapansanan sa pagpapatupad ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya sa buong panahon nito.
- Roadmap – nagbibigay ng simpleng pangkalahatang pagtunghay sa mga pangunahing ihahatid sa ilalim ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya. Nagbibigay ito ng malinaw na daraanan at ang pananagutan para sa paghahatid.
- Evaluation Good Practice Guide Checklist (Tseklist ng Gabay sa Pagtasa ng Mahusay na Gawi) – tumutulong sa mga pamahalaan sa pagtasa ng partikular at panlahat na mga polisiya at serbisyo sa kapansanan.

- Mga Plano ng Tinarget na Aksyon (Targeted Action Plans) – nagtatag ang mga pamahalaan ng mga Plano ng Tinarget na Aksyon upang isulong ang pagkamit ng mga kalalabasan sa mga partikular na bahagi ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya.
- Associated Plans (Mga Kaugnay na Plano) – ang mga ito ay ang mga istratehiya, plano, roadmap at balangkas na nakapokus sa pagpapabuti ng mga aspeto ng pamumuhay sa Australya para sa mga taong may kapansanan at kumikilos din upang ihatid ang pananaw ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya.

## Pagpapatupad

Upang maihatid ang pananaw, may dagdag na pagtuon sa pagpapatupad. Ang mga pamahalaan ay nangangakong makikipagtulungan kaagapay ng mga taong may kapansanan, komunidad, negosyo, at sektor na di-pampamahalaan upang ipatupad ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya at isakatuparan ang pananaw nito sa isang may koordinasyon at tinarget na paraan. Kabilang dito ang pagtiyak na sa buong panahon ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya, ang disenyo at pagpapatupad nito ay tutugon sa nagbabagong mga pangangailangan.

Ang sumusunod na pangunahing mga inisyatiba ay gagawing madali ang pamamaraang ito:

- Pagtiyak na ang mga aksyon upang ihatid ang mga Pampolisiyang Prayoridad ay tatalakay sa mga isyu ng pagkaka-ugna-ugnayan (ntersectionality).
- Isang malinaw at madaling makitang paglalarawan ng mga tungkulin at responsibilidad ng mga pamahalaan.
- Ang patnubay na mga prinsipyo para sa pagbuo ng polisiya at programa na batay at sumasalamin sa mga prinsipyo ng mga karapatang pantao ng United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities.
- Ang pagpapatupad ng may takdang panahong mga Plano ng Tinarget na Aksyon at pangmatagalang mga Kaugnay na Plano.
- Ang pagpapatupad ng isang Outcomes Framework upang subaybayan ang progreso ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya, isang istratehiya para sa mga datos upang suportahan ang regular na pag-uulat, at mga pagpapabuti sa pagtasa at pananaliksik.
- Ang pagpapatupad ng mga kaayusan sa pamamahala, kabilang ang centralised unit upang itulak ang pagpapatupad.
- Ang pagpapatupad ng Plano sa Pakikipag-ugnayan ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya upang tiyakin na ang mga taong may kapansanan ay aktibong makikilahok sa pagpapatupad, pagsubaybay at pagtasa.
- Isang malinaw na roadmap upang managot ang mga pamahalaan para sa pagkamit ng pangunahing mga ihahatid at mahahalagang hakbang na naabot.

## Karagdagang impormasyon

Ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya at mga sumusuportang dokumento ay makukuha sa Australia's Disability Strategy Hub sa Disability Gateway.

Ang mga dokumento ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ay makukuha sa Easy Read at mga wika ng komunidad, kabilang ang Auslan.

DSS 2812.10.22